# ANG PAGIGING BATANG INA SA SAN NICOLAS, BATANGAS

**Krisandra A. Mariano**
**Maria Kathryn N. Purnell**

***Sa isang barangay sa San Nicolas, Batangas sa taong 2017, natagpuan ng mga mananaliksik na isa sa bawat siyam na ina sa barangay ay teen-ager noong sila ay unang nabuntis. Tanggap ang maagang pagbubuntis basta't kasal ang ina, maging bago o pagkatapos mabuntis mangyari ito. Batay sa mga salaysay, hindi itinuturing na problema ang maagang pagbubuntis basta't naikasal at nananatiling mag-asawa ang nabuntis at nakabuntis.***

Ang mga konsepto ng pagtatalik, pagkasal, pananagutan, at paghihiwalay sa isang barangay sa San Nicolas, Batangas, ay tatalakayin dito upang mapalalim ang kahulugan ng maagang pagbubuntis sa barangay. Anim na ina, pawang mga 25 taong gulang pababa ang nakapanayam namin. Tatlo (3) sa kanila ang kasalukuyang nag-aaral pa sa mataas na paaralan. Dalawa (2) ay nagsasama ng hindi kasal, dalawa (2) ay nakipaghiwalay at bumalik sa mga magulang nila. Lahat sila ay mayroon nang isa o dalawang anak. Malaki ang pagkakaiba nila sa mga batang ina ng naunang henerasyon.

Una nating tingnan ang kwento ni "Lyka" [1], isang 19-taong gulang na babae na lumipat sa barangay mula nang maikasal. Ina siya ng isang batang lalaking may edad na isang taong gulang. Naniniwala kami na ang kanyang kwento ay makapagpapakilala ng konteksto ng buhay ng batang ina sa panahon ng aming pakikipagpanayam sa barangay.

[1] Ang lahat ng mga pangalan na ginamit ay hindi kanilang tunay na ngalan.

**Ang salaysay ni Lyka**

Oktubre 2015 nang unang manirahan si Lyka sa barangay. Lumipat siya rito mula sa ibang barangay ng Batangas nang ikasal sa asawang taga-rito. Nakatira sila halos sa harap ng Lawa ng Taal. Walang trabaho sa panahon na isinagawa ang pag-aaral si Lyka, pero tuwing Biyernes pumupunta siya sa karatig-barangay at pumapasok sa Alternative Learning System (ALS) ng Kagawaran ng Edukasyon[2]. Halos isang taon na siyang pumapasok dito, at mayroon siyang planong mag-aral sa Technical Education and Skills Development Authority (TESDA) at nangangarap siyang magtrabaho sa pabrika ng elektroniks.

Bago maging ina, nagtrabaho si Lyka bilang isang katulong. Mga labing-apat o labing-limang taong gulang siya noong panahong ito. Nakilala niya ang kanyang asawa na si Jomar sa pamamagitan ng text at Facebook. Unang beses nilang magtalik tatlong buwan pagkatapos nila unang magkausap; ito rin ang unang beses nilang magkita. Subalit hindi nabuntis si Lyka hanggang sa pangatlong beses nilang magtalik; kasal na daw sila noon.

Nang itanong namin kung ano ang naramdaman ng kanyang magulang dahil maaga siyang nabuntis, sinagot niya na "okey lang" sa kanila ang nangyari. Ang kanyang panganay na ate ay nabuntis din ng maaga, subalit iniwanan siya ng lalaki. Si Lyka naman ay natuwa noong nalamang buntis siya dahil ginusto niyang maging nanay. Nang tanungin kung may plano para sa isa pang anak, tumawa siya at sinagot na gusto niya "kung may pera na kami". Si Lyka ay nag-aaral pa rin at may plano sa kinabukasan kahit na siya ay isang batang ina. Ang edukasyon ay pinahahalagahan ng lahat sa barangay. Sa katunayan, sa halip na pansinin ang panganib sa kalusugan ng babaeng maagang buntis, mas unang iniisip ang pangangailangang huminto sa pag-aaral ng mga nagiging batang ina. Marami ang nagsabi sa amin na hindi mabuti ang pagbubuntis ng maaga dahil "hindi natatapos ang pag-aaral."

Sa susunod na bahagi titingnan ang ilang aspetong panlipunan na sangkot sa pagiging batang ina.

---

[2] ALS ay isang "*parallel learning system*" sa Pilipinas na maaaring gawing alternatibo sa pormal na edukasyon sa mga paaralan. [https://www.deped.gov.ph/k-to-12/inclusive-education/about-alternative-learning-system/#:~:text=What%20is%20Alternative%20Learning%20System,is%20an%20alternate%20or%20substitute.]

**Ang batang ina at ang kanyang pamilya**

Maganda ang pakikitungo sa mga batang ina sa pamayanan at wala kaming nasaksihang pagbubukod sa kanila. Pantay naman sa ibang mga ina at nagdadalantao ang pagtingin sa pamayanan. Tanggap din sila ng kanilang mga pamilya. Sa panahong ginawa ang pag-aaral wala kaming napag-alamang kaso ng itinakwil ng kanilang pamilya dahil sa maagang pagbubuntis. May mga kaso na nagagalit ang magulang ng babaeng nagdadalantao na hindi kasal, subalit ang poot ay pansamantala lamang. Ang mga magulang ay nagagalit lalo na kung walang pahiwatig na balak pakasalan ng nakabuntis ang kanilang anak. Ang karamihan sa pamayanan ay tutol sa pagpapalaglag o *abortion*, marahil dahil sa laganap na katutubong Katolisismo sa pamayanan.

Humuhupa ang galit ng magulang ikasal man ang kanilang anak o hindi. Nabibigla ang mga magulang sa pagbubuntis nang hindi kasal dahil kahit sa murang edad ng anak ay may akmang kaalaman na sila tungkol sa pakikipagtalik at alam na din nito na makukulong siya sa bahay para alagaan ang kanyang magiging anak. Kung kasal o ikakasal ang babae, wala namang dahilan upang magalit ang mga magulang at kalimitan ay natutuwa pa daw sila dahil may apo na sila. Natutuwa sila sa bata (kung minsan higit pa kaysa sa batang ina), dahil may bago silang aalagaan at lalaruin.

Kung nag-aaral pa ang batang ina, habang siya ay nagbubuntis ipinagpapatuloy hangga't maaari ang pag-aral hanggang makapagtapos. Kung ang batang ina naman ay lilipat ng tirahan, madalas siyang dinadalaw ng mga magulang upang tingnan ang kalagayan niya at ng bata. Kalimitan pa nga, ayon sa mga nakapanayam namin, ay napapamahal sa kanila ang kanilang apo.

Kung lilipat ang babae sa tahanan o sa lupang pagmamay-ari ng pamilya ng lalaki, ito ay nangangahulugan na mula sa puntong iyon ng buhay may-asawa, ang babae ay halos nakikihalubilo lamang sa pamilya ng lalaki. (Katulad ni Lyka na tumira sa bahay ng kanyang biyenan kasama ang asawa.)

Sa lahat ng kasong naitala namin, maligayang sinasalubong ng mga biyenan sa kanilang pamilya ang batang ina at madaling nakakasundo nila ito. Sa panayam namin kay “Kaye”, isa pang batang ina, nagtanong kami ukol sa pamilya ng kanyang biyenang lalaki. Sagot niya na kahit napakalaki ng kanilang pamilya, ramdam niya na pantay ang pakikitungo ng mga ito sa kanya. Nakikinig siya sa kanilang mga payo tungkol sa pag-aalaga ng bata. Kadalasan ang pamilya ng lalaki ang sumusuporta sa batang ina, tumutulong

sa pag-aalaga, nagtuturo kung papaano palakihin, at nag-aalaga sa bata habang wala ang ina sa bahay. Ang pamilya ng lalaki rin ang nangangasiwa at nagpapasyal sa nagdadalantao pagkarating niya sa bagong komunidad.

**“Napasama ng landas”**

Subalit sa mabuting pakikitungo ng mga taga rito sa mga batang ina tulad nina Lyka at Kaye, mayroon pa ring kaso ng negatibong pagtingin sa maagang pagbubuntis. Kumakalat ito sa pamamagitan ng ’chismis’ o pagkakaroon ng usap-usapan at pagkalat ng bulung-bulungan tungkol sa isang tao ng lingid sa kanyang kaalaman. Nangyari ito kay “Charish”. Ayon sa ina ni Charish, narinig niyang pinag-uusapan ang kanyang anak. Nabahala siya rito ngunit pinili niyang wag nalang ito alalahanin dahil “doon rin naman lahat patungo”, ika niya. Ibig niyang sabihin rito ay tiyak na magdadalangtao ang lahat ng mga babae kung kaya’t wala siyang ikahihiya sa pagbubuntis ng kanyang anak. Kinukutya rin daw si Charish ng mga taong hindi niya kilala sa kalsada. Pinipili niyang hindi pansinin ang mga ito dahil, maliban sa ayaw niyang mapahiya, hindi niya ikinalulungkot ang pagluwal sa isang anak na lalaki na sa aming nakita, ay parating nagpapangiti sa kanya.

Kalimitang ginagamit ang “napasama ng landas” upang ilarawan ang tila pagkapariwara ng mga batang ina. Palaging ginagamit ang kasabihan upang ilarawan ng mga kasapi sa pamayanan na ang nabuntis ay “napasama ng barkada.” Ibig sabihin nito na tinitingnan na ang maagang pagbubuntis ay karaniwang dulot ng masyadong pakikihalubilo sa mga kaibigan, mapalalaki man o mapababae. Negatibo ang tingin dito ng karamihan sa mga nakakatanda sa barangay dahil noong panahon nila ay itinuturing na kahiya-hiya ang pagsama ng isang babae sa mga kalalakihan. Pinipinta nito ang imahe ng mga naaayong uliran sa kasarian (o *gender ideals*) ng pamayanan: dapat magkahiwalay ang mga lalaki at mga babae kung hindi sila kasal.

Kadalasang nakakabit o naiuugnay sa katagang “pinabayaan ng magulang” ang “napapasama ng landas”. Tinutukoy nito na napapabayaan sila o hindi naging strikto ang mga magulang noong ipinapalaki siya. Subalit halos lahat ng mga magulang na nakilala namin ay strikto at aktibo sa pagpapalaki ng kanilang anak. Isang halimbawa ang ina ni Charish na sumusuporta sa kanya at sa pag-alaga ng kanyang apo at sa pagpapatuloy ng kanyang pag-aaral.

## Ang konteksto ng barangay

***Sistemang pangkalusugan.*** Maayos ang sistemang pangkalusugan ng barangay at maging sa San Nicolas sa pag-aalaga ng nagdadalantao. Ayon sa *2016-2017 Target Prenatal Client List* ng San Nicolas Health Center, buháy ang lahat ng mga kapanganakan sa nakaraang taon. Sa aming pagdalaw, naobserbahan naming karamihan sa mga nagpapatingin ay mga buntis at mga inang may dalang anak. Maraming makikitang larawan tungkol sa pagpaplano sa pamilya at pangangalaga ng bata. Bawat buwan, nagpapadala rin ang Health Center ng komadrona na bumibisita sa mga nagdadalantao sa barangay.

May makikitang paskil sa Barangay tungkol sa pag-aalaga ng bata at sa nutrisyon, at sa halaga ng *prenatal care* para sa mga buntis. Nangunguna ang mga Barangay Health Worker o BHW pagsubaybay ng populasyon at kalusugan ng barangay. Ang mga BHW ay mayroong mga benipisyo tulad ng suweldo at libreng paaral para sa kanilang mga anak. May BHW na naninirahan sa bawat purok ng barangay.

***Populasyon***. Ang barangay ay isa sa pinakamalaking barangay ng San Nicolas sa populasyon. Ito rin ang may pinakamalawak na sukat o *land area*, kaya may ilan sa mga opisyal ng barangay na nagsabing "hindi problema" ang 'dami ng tao' (o *overpopulation*). May mga programa ang Municipal Health Center para sa may asawa ng pagpaplano ng pamilya, at may suplay ito ng iba't ibang uri ng *contraceptives* tulad ng *pills*, *condom,* at iniksyon. Sa paningin ng mga opisyal ng barangay, epektibo naman ang *family planning* at walang malakihang epekto ang bilang ng maagang pagbubuntis sa lumalaking populasyon dahil kaunti lamang ang kaso ng mga batang ina. Ayon pa sa talaan ng barangay, mula sa animnapu't-tatlong (63) ina sa nagdaang taon, pito (7) ang batang ina. (Target Client List for Prenatal Care, 2016).

***Kabuhayan at pagtatapos ng pag-aaral.*** Napag-alaman din namin na may suportang pinansyal ang karamihan sa mga batang ina mula sa kanilang mga asawa. Inaasahang ang lalaki ang may tungkuling magsustento sa pamilya, o maging primaryang pagkukunan ng laang-salapi. Kung sila ay kasal, maaaring tulungan sila ng pamilya ng lalaki. Isang maaaring dahilan nito ang pagpapalagay na magiging panandaliang maybahay ang lalaki upang alagaan ang kanyang anak, batay sa kwento ng ilan sa aming nakapanayam. Maaari rin naman na dahil sa inaasahan ang lalaki magtapos ng edukasyon. Ang karamihan ng aming nakapanayam na batang ina ay may planong

magtrabaho sa sapat na gulang na pwedeng iwanan ang batang mag-isa. Ang mga nakatapos ng sekondaryong edukasyon ay may planong magtrabaho sa ibang bansa bilang OFW o sa isang kompanya sa labas ng barangay o bayan.

Ang mga hindi nakapagtapos ng edukasyon dahil sa pagbubuntis o ibang usaping pinansyal ay may pagkakataong pumasok sa Alternative Learning System (ALS). Sa ganitong paraan ayon sa mga nakapanayam namin, ang trabahong mapapasukan ay "mas maganda" kaysa sa nakagawian na pagmamaneho ng traysikel, pagiging kasambahay, pangingisda, pagiging tindera, at iba pa, sa barangay. Ang mga batang ina na walang asawa ay sinusuportahan pa rin ng kanilang sariling pamilya habang hindi pa kayang suportahan ang sarili. Habang musmos pa ang kanyang anak, nananatili sa bahay ang batang ina upang alagaan ang anak at ang kanyang pamilya ang bahala sa kanilang pangangailangan. Kung kasalukuyan pa siyang nag-aaral, ang magulang ang nagtutustos sa kanyang edukasyon.

Hindi nagkakaroon ng malakihang pagbabago sa antas ng panlipunan at kalagayan ng isang batang ina ang maagang pagbubuntis dahil inaasahang susuportahan siya ng asawa. Kung mag-isa man ang ina, sandigan ang kanyang pamilya, na kadalasang nagbibigay ng pansuporta para sa parehong ina at anak. Wala ganoong problema sa paghahanap ng trabaho sa komunidad. Karamihan ay napapabilang sa mga industriya ng traysikel, ayon sa aming mga nakapanayam na miyembro ng pamayanan.

### Tungkol sa kasarian, sekswalidad, at pagtatalik

Malaki ang impluwensiya ng pagiging Katoliko sa kung paano pinag-uusapan ang paksa ng pagtatalik sa barangay. Ayon sa mga nakausap namin, ang pagtatalik ay para lamang sa mga mag-asawa. Ang konsepto ng pagiging birhen ay nabanggit. "Sagrado" ang pagkabirhen ng isang babae, at ang dapat na makatanggal nito ay espesyal na tao. Sa madaling salita, siya ay ang mapapangasawa nila. Ayon sa ilang nakapanayam namin, dapat talagang pakasalan ang nagtanggal ng pagkabirhen ng babae dahil "natatakot ang babae na wala nang papatol kung malaman na hindi na siya *virgin*". Dagdag pa nila na alam ng lalaki kung hindi ka na birhen. (Subalit hindi namin ito napakumpirma sa lalaki sa barangay.)

Nagdudulot ang mga paniniwalang tulad nito ng ilang inaasahang katangian sa babae at lalaki pagdating sa kanilang sekswalidad. Halimbawa, inaasahang mahiyain at "pakipot" ang babae. Dapat daw inilalaan ang kanilang unang beses sa pakikipagtalik para sa lalaking papakasalan nila.

Sa kabila nito, ang mga lalaki naman ay inaasahan ng aming kapanayam na ‘magaling’ o kahit man lang may alam na tungkol sa pagtatalik. Marami sa mga nanay ang nagsabi sa amin na pang-unang beses ang unang pakikipagtalik nila ng naging asawa nila. Samantala, nang itanong naman namin kung alam ba nila kung unang beses din ba ito ng kanilang mga asawa, maraming sumagot na hindi nila alam, at dinagdag pa, “Pero lalaki ‘yan, imposible [na unang beses nila]!”

Mayroon ding inaasahan sa kaalaman sa pagtatalik ayon sa edad. Ang mga bata at *teenager* ay wala pa raw alam sa pagtatalik dahil masyado pa silang bata, pero maaari itong pag-usapan ng mga matatanda, lalo ng mga lalaki. Nagdudulot ito ng kahiyaan na pagusapan sa loob ng pamilya ang tungkol sa *sex education* o pamamaraan ng pag-iwas sa pagbubuntis ng maaga dahil sa pagtatalik din ng maaga.  Nakaaakibat rin ito sa programa ukol sa sex education sa barangay. Tinanong namin ang mga batang ina tungkol sa natutunan nila sa paaralan tungkol sa “sex education”. Ang sex education sa kanilang pampublikong paaralan ay ipinatupad noong isinabatas ang Responsible Parenthood and Reproductive Health Act of 2012 (R.A. 103543). Iba-iba ang nakuha naming sagot. May ilan na nagsabing tungkol sa mga contraceptives ang itinuro, at may ilan naman na nagsabing hindi nila ito naabutan. May ilan ring nagsabi na ang mga programa ukol sa sex education ay nakareserba para sa mga mag-asawa o nasa “tamang” edad. Sa mga seminar na nilalahok sa Barangay Health Center ukol sa sex education ay mas pinahahalagahan ang family planning na aspeto nito.

Ang pagtatalik ay isang paksang hindi pinag-uusapan ng kabataan; pinapalagay na wala pa silang kaalaman tungkol dito dahil sa edad nila. Ika nga ng isang batang ina, “parang nakakahiya rin magkwento [tungkol sa pagtatalik]… dahil parang bata ka pa para gumawa ng gayon.”

Sa barangay, napansin naming may pagkakaiba sa mga matanda't kabataan sa pagtingin sa pagtatalik. Mas malayang pinag-uusapan ng mas matandang henerasyon ang pagtatalik nang tanungin sila, kasama na rito ang mga babae na nasa katamtamang-gulang. Sa kabila nito, hindi pinag-uusapan sa isa’t isa (o sa amin) ang pagtatalik ng mga nasa mas batang henerasyon.

Ang karaniwang pinaniniwalaan sa kultura ng barangay (dala ng kanilang pagiging relihiyoso) ay na dapat kasal ang magkasintahan bago sila magtalik. Subalit hindi nito ibig sabihin na hindi nangyayari ang pagtatalik bago ikasal— parang bukas na sikreto ito ng barangay.

**Kasal at pagiging ina bilang ritwal na pagdadaanan sa buhay ng babae**

Hindi maaaring pag-usapan ang pagtatalik nang hindi isama ang usapin ng pagdadalaga at ng kasalan. Ang kasal ay isang proseso kung saan ang isang dalaga mula sa pagkabata ay tumuntong sa tamang edad na may dinadala na bagong kaalaman at responsibilidad, isa itong ritwal na pagdadaanan *[rite of passage*] sa buhay ng isang babae. Ang pagpapakasal ang linya na naghahati sa iyong pagkabata mula sa pagkamatanda— isang pormal na palatandaan ng pagkatanda na nangangahulugan rin ng pagsasarili mula sa mga magulang. Kapag naging matanda ka na raw, bawal umasal tulad noong bata ka pa o gumawa ng mga gawain na ginawa noong kabataan. Sapilitang nililipat ng pagbubuntis ang isang babae sa pagiging 'matanda na', na pormal na kinikilala sa pamamagitan ng kasal.

Nagiging 'matanda' ang babae basta't kasal na: hindi na dapat umaasa sa magulang. Ito ang dahilan kung bakit kailangan umalis sa sariling tahanan at manirahan kasama ng asawa, kadalasan sa bahay o lupa ng magulang nito. Sa pagsasarili mula sa magulang, kailangan niyang matutunan kung paano magtaguyod ng pamilya at magpanatili ng tahanan nang mag-isa o sa tulong ng magulang ng kanyang asawa. Ang responsibilidad na bigyan ang babae ng suportang pinansyal ay malilipat sa kanyang asawa.

Inaasahan rin sa babae ang pagpapanatili ng tahanan at pag-aalaga ng kanyang anak. Nagiging 'kulong' muna sa bahay ang isang inang may bagong silang na anak. *"*Hindi ka pwede gumala," sabi sa amin ng isa naming nakapanayam. "Pwede ka lang gumala kapag matanda na yung iba, pwede ng alagaan yung mas bata."

Nawawalang-bisa matapos ikasal ang panuntunan na dapat hiwalay ang ginagalawan ng babae at lalaki dahil inaasahan ang pakikipagtalik sa pagitan ng mag-asawa; at nararapat lang na ito naman ay patungo sa pagbuo ng anak. Ang anak rin ay kailangan pagka't sila ang inaasahan na mag-aalaga sa mag-asawa sa pagtanda nila at hindi na kaya alagaan ang sarili.

Kapag kinasal ang dalaga, hindi na siya 'bata'; samakatuwid hindi na siya 'mawawala sa landas' o magdadala ng kahihiyan sa kanyang pamilya ngayong bahagi na siya ng isang bagong pamilya. Nasusuway ng maagang pagbubuntis (na hindi kasal) ang ritwal dahil nangangahulugan iyon na nakuha ng dalaga (at ng binata) ang kaalaman tungkol sa pagtatalik bago bigyan ng karapatan upang matamo ito. Sinuway din nito ang panuntunan na dapat hiwalay ang babae at lalaki na may layong maiwasan ang "masamang landas." Ito ang dahilan kung bakit nagagalit at "nagugulat" ang magulang pag malaman nilang buntis ang kanilang anak na dalaga.

**Pagkakaroon ng pananagutan bilang palatandaan ng pagkalalaki**

Ang pananagutan (o ‘panagot’) ay isang “bagay na inilalaan para sa isang tiyak na pangangailangan” at ayon sa *UP Diksyunaryong Filipino* ito ay nakaugat sa salitang ‘sagot’. Sa barangay, may pananagutan ang lalaki na pakasalan ang babae na kanyang nabuntis. Ang pananagutan na ito, sa konteksto ng maagang pagbubuntis, ang sagot sa posibleng kahihiyan na mararamdaman ng nabuntis o ng magulang ng nabuntis.

Dahil nagbabago ang responsibilidad at papel ng isang babae kapag nakasal siya, meron na siyang karapatang makaalam tungkol sa pagtatalik. Dahil din dito, nawawala ang kanyang hiya sa pagkabatid tungkol sa pagtatalik. Tinatanggal din ng pagpapakasal ang lahat ng masamang pagtingin sa isang batang ina. Ngunit hindi lamang ang karangalan ng babae ang nakasalalay sa kanyang pagkasal.

Sa kwento ni Charish, hindi siya pinanagutan ng kanyang *boyfriend.* Hindi ito nagtrabaho at hindi siya sinustentuhan kaya nakasalalay ngayon ang pagkain at buhay ng mag-ina sa mga magulang ni Charish. Ayon sa kanyang ina, umalis ang lalaki dahil “parang silang nagtatampuhan”. Nang dumalaw siya sa bahay nila Charish para batiin ito, sinabihan ito ng ina ni Charish na bumalik kasama ang magulang para maayos ang kasal nila. Hindi na bumalik ang lalaki dahil, ayon sa ina ni Charish, “Hindi maghahanapbuhay, mag-iisang taon na hindi naghahanapbuhay. Anong mangyayari sa anak ko?” Hindi nila ikinakahiya na si Charish at ang ama ng kanyang anak ay hindi nag-asawa. Ang masamang pagtingin ay nalipat sa lalaki na nang-iwan at hindi naghahanapbuhay.

Nakwento ng isa naming kapanayam ang tungkol sa kanyang anak na bunso na nabuntis sa murang edad. Kasalukuyang nagtratrabaho ito sa Maynila at ka-“*live-in”* ang boyfriend na siyang ama ng kanyang anak. Ayaw ng aming nakapanayam ipakasal ang kanyang bunso sa lalaki dahil hindi ito ang nagtratrabaho at nagsusutento sa mag-ina. Bagkus siya ang nananatili sa bahay at nag-aalaga ng bata. Sa kanyang pananaw, “tamad” yung lalaki. Sa mga salaysay na ganito makikita ang pagbigay ng halaga ng magulang ng babae sa kakayahang maghanapbuhay at sustentuhan ang pamilya ng isang lalaki. Ayon sa kanilang pananaw, sadyang “mahina” ang isang lalaking hindi kayang panagutan ang babaeng nabuntis niya. Ang lalaking hindi kayang magtrabaho upang magkaperang pangtustos sa kanyang pamilya ay hindi magagampanan ang tungkulin bilang isang ‘lalaki’.

**Masamang pagtingin sa paghihiwalay**

Karamihan ng mag-asawa sa barangay ay magkalayong magkamag-anak o kababata. Kung hindi taga-San Nicolas, taga-Batangas lang din ang magkapareha. Kaunti lamang ng mga taga-barangay ang nakakapangasawa ng taga-malayong lugar, kung kaya't ang paghihiwalay para sa kanila ay isang dayuhang konsepto "Ang naghihiwalay dito ay yung mga nag-asawa ng dayo," sabi ng isa naming nakapanayam.

Ang paghihiwalay ay sagisag ng hindi matagumpay na pagiging mag-asawa. Nagpapakita ito ng pagkabigo ng mag-asawang intindihin ang isa't isa at maging malayang mga indibidwal. Kapag may naghihiwalay, umuuwi ang isa sa kanyang magulang.

**Pagkilala at pasasalamat**

Ang saliksik namin ay sinagawa mula Hunyo hanggang Hulyo noong 2017, bilang bahagi ng programang *UP Anthropology Field School* (AFS) ng Departamento ng Antropolohiya ng Unibersidad ng Pilipinas, Diliman. Pinatnubayan kami ni Propesor Madilene Landicho, *Field School Director,* mula sa pagpili ng paksang ito hanggang sa pagsusulat. Nagpapasalamat kami sa malugod na pagtanggap sa amin sa isang buwan ng paninirahan sa barangay, kay Kapitan Cornelio Villanueva at lahat ng nakapanayam namin; at kay Ate Michelle, dahil sa kanya marami kaming nakausap at nakilala sa barangay. Ang estatistikal na datos ukol sa mga babaeng buntis na taga-barangay ay galing sa San Nicolas Health Center. Nais rin namin magpasalamat sa aming mga kasama sa AFS 2017, na kasama namin sa panahon ng pananaliksik at tumulong rin sa pagkalap ng datos at sa paghahanap ng makakapanayam.

*Si **Krisandra Mariano** ay nagtapos ng kanyang batsilyer sa Departamento ng Antropolohiya, Unibersidad ng Pilipinas, Diliman. Interesado siya sa* archaeology, folklore, bioarchaeology, forensics*, at* feminist archaeology. E-mail: kamariano2@upd.edu.ph

*Si **Maria Kathryn N. Purnell** ay nagtapos ng kanyang batsilyer sa Departamento ng Antropolohiya, Unibersidad ng Pilipinas, Diliman. Ang kanyang mga interes ay* archaeology*,* feminist archaeology, gender and sexuality*, at* dental anthropology.

E-mail: k8purnell@gmail.com